REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-227

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NA ANG LUPON NA BUMUBUO SA PAGSASAGAWA NG PANGANGASIWA SA PAGPAPAUNLAD NG ALABANG STOCK FARM (ASF) MAGMULA SA KOMPOSISYON NA BUMUBUO SA PAGSUSUBASTA NITO AY NARARAPAT NA MAGKAROON NG KINATAWAN O KASAPI NA ISANG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kapakanan ng Bayan ng Muntinlupa ang nakataya sa gagawing pagpapaunlad ng Alabang Stock Farm, kaya't nararapat lamang na magkaroon ng kinatawan mula sa Sangguniang Bayan dahil sa higit nitong batid ang pangangailangan at makabubuti sa kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT, mabibigyan ng tunay na pagsasaalang-alang ang inihanda ng pamahalaang Bayan na Integrated Development Plan for Muntinlupa kung mayroong matibay na representasyon mula sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKAT, inihalal at iniluklok ng mamamayan ang mga kagawad ng Sangguniang Bayan upang maging gabay at tagapag-alaga na babalikat para sa kagalingan ng pamayanan;

SAPAGKAT, kaakibat sa sinumpaang tungkulin ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan ang pagmamatyag at pangangalaga ng mga ari-arian ng bayan at paggawa ng nararapat na pagkilos tungo sa katiwasayan, kaayusan at kaunlaran ng bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na ang lupon na bumubuo sa pagsasagawa ng pangangalaga sa pagpapaunlad ng Alabang Stock Farm (ASF) magmula sa komposisyon na bumubuo sa pagsusubasta nito ay nararapat na magkaroon ng kinatawan o kasapi na isang kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli na sina Kgg. Rey E. Bulay at Kgg. Nolasco L. Diaz ang maging mga kinatawan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa para sa nasabing lupon at komposisyon na bumubuo sa isasagawang pagsusubasta at pagpapaunlad ng Alabang Stock Farm at ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa Pangulo ng Pilipinas, Kgg. Corazon C. Aquino.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 179th regular na pagpupulong na ginanap ngayong ika-18 ng Nobyembre,1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts